JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malimpyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

**6**

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Mga Programang Ipinatupad sa Panahon ng Administrasyon ni Pangulong Diosdado Macapagal (1961-1965) at Pangulong Ferdinand E. Marcos (1965-1972)



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ryan G. Tulod, Jackey Lyn A. Rebusora, Cristina L. Villar

**Editor:** Ryan G. Tulod

**Tagasuri:** Ryan G. Tulod, Jeneliza C. Panes, Lujizzl Jane S. Dela Peña

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Tomas D. Cabatuan Jr.

**Tagalapat:** Ryan G. Tulod, Marilou T. Ramirez

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent
Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent
Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent
Juliet A. Magallanes, EdD - CID Chief
Allan R. Caballero, DTE – EPS-LRMDS
Alma L. Carbonilla, EdD – EPS-Araling Panlipunan



# Alamin


Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Natatalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't-ibang administrasyon sa pagtugon ng mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972.
  -Natatalakay ang mga programang ipinatupad ni Pangulong Diosdado P. Macapagal (1961-1965) at Pangulong Ferdinand E. Marcos (1965-1972).



# Balikan

Sa pamamagitan ng *graphic organizer*, alalahanin ang mga patakaran at programa ni Pangulong Carlos P. Garcia. Ang kanyang mga naiambag sa larangan ng kanyang panunungkulan ay kahanga-hanga na dapat alalahanin at huwag kalimutan sa puso ng bawat Pilipino.



| Aralin 7 | Mga Patakaran at Programa sa Panahon ng Administrasyon ni Pangulong Diosdado P. Macapagal (1961-1965) at Pangulong Ferdinand E. Marcos (1965-1972) |
|---|---|



# Tuklasin

### Mga Patakaran at Programa sa Panahon ni Pangulong Diosdado Macapagal



Si Diosdado P. Macapagal ay ipinanganak noong Setyembre 28, 1910 sa San Nicolas, Lubao, Pampanga. Siya ang pangalawa sa apat na anak nina Urbano Macapagal at Romana Pangan. Sa kabila ng kahirapan, siya ay nagtapos bilang pinuno ng klase noong 1925 sa Lubao Elementary School at *salutatorian* naman noong 1929 sa Pampanga High School. Siya ay namatay noong April 21, 1997. Siya ang ika- 9 na presidente ng Pilipinas at ika -5 presidente sa pangatlong republika. Siya ang presidente matapos ni Carlos P. Garcia at pagkatapos ng kanyang termino ay simundan siya ni Ferdinand E. Marcos. Siya rin ang ama ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo.

Siya rin ang unang mahirap na presidente at dahil doon ay binansagan siya "Tao ng Masa" at hindi nangungurakot. Ang kanyang bise-presidente ay si Emmanuel N. Pelaez.

### Mga Programa

Binuksan ni dating Pangulo Diosdado Macapagal ang Malacanang sa mga tao at tinawag itong *"Common's Man's Day"* kung saan nagkakaroon ng lingguhang pagtitipon – tipon ang mga tao sa Malacanang. Noong 1963, Itinatag ni Diosdado Macapagal ang kauna-unahang Land Reform Law na pinapayagang bilhin ang mga pribadong lupaing pansaka upang hati-hatiin at ibahagi sa mga walang lupain. Naging daan ito upang maging pantay-pantay ang batas na ito na maging maayos ang buhay ng palakihin ang kita ng mga magsasaka at para na din sa agrikultura ng ating bansa. Binabaan niya ang halaga ng *Philippine peso* sa pamamagitan ng pag-aayon ng presyo nito sa malayang pamilihan imbes na sa nanggagaling ang presyo nito sa gobyerno. Gumawa rin siya ng aksyon upang malutas ang pagkawala ng trabaho sa ating bansa sa pamamagitan ng

pagbabahagi ng kapangyarihan sa mga lokal at probinsyal na pamahalaan bilang hakbang sa pag-unlad ng mga malayang institusyon.

**1. Pagpapalit ng Pagdedeklara ng Araw ng Kalayaan**

Noong Mayo 12, 1962 pinalitan ni Diosdado Macapagal ang araw ng kalayaan mula Hulyo 4 ay ginawa niya itong Hunyo 12. Ideniklara niya ito dahil ang nararapat daw na araw ng kalayaaan ay ang ideniklara ni Heneral Emilio Aguinaldo noong 1898 sa Kawit, Cavite. Sa ngayon, ipinagdiriwang ang Hulyo 4 bilang *"Filipino-American Friendship Day".*

Noong Agosto 4, 1964 opisyal na pinirmahan ni Presidente Macapagal sa Malacanang ang *Republic Act No.4166* na nagsasabi na ang araw ng kalayaaan ng ating bansa ay ipinagdiriwang tuwing Hunyo 12.

**2. Minimum Wage Law**

Sa ikaapat na sona ng presidente Diosdado Macapagal noong Enero 25, 1965 binanggit niya rito ang Minimum Wage Law ng mga nagtatrabaho na nagkakahalaga ng apat na piso. Inirekomenda niya na pataasin ito sa anim na piso na magiging pabor sa mga manggagawa. Tinawag ang batas na ito na Republic Act No. 4180

**3. Land Reform o Republic Act No. 3844**

Bitbit ng kanyang pangakong bigyan ng tuldok ang korupsyon sa bansa tinalo niya ang noo'y kasalukuyang pangulo na si Garcia sa halalan ng may malaking agwat sa bilang ng botong natanggap. Kabilang sa mga nagawa ni Macapagal ang pagsasagawa ng mga batas upang maisaayos ang sector ng agrikultura sa bansa, una na rito ang pagsasabatas ng *Agricultural Land Reform o Republic Act No. 3844*, na nagbukas ng oportunidad na magkaroon ng sariling lupang sakahan ang mga maliliit na magsasaka sa bansa. Sa naturang batas nabigyan din ng karapatang bomuo ng samahan ang mga nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura, bukod pa sa kasiguruhang makatanggap sila ng sahod na *Minimum Wage Law*.

**4. Pagpapatayo ng mga Imprastraktura**

Upang pasiglahin pa ang ekonomiya, ibinukas ng kanyang administrasyon ang merkado sa mga pribadong pangangalakal. Binigyan kontribusyon ng gobyerno sa pag-aalay sa mga ito, naging aktibo ang pamahalaan sa pagpapagawa ng mga imprastraktura tulad ng mga kalsada, mga pwerto at paliparan.

**5. Pagtatag ng Philippine Veterans Bank**

Pinirmahan niya rin ang *Republic Act No.3518* na nagpapatupad sa paggawa ng *Philippine Veteran's Bank* para sa iba pang kadahilanan. Ang PVB ay pag-aari ng mga beterano at mga pamilya nito na nakikipagsapalaran noong *World War II.*

Gumawa rin ng mga polisiya si Macapagal na makapang-engganyo sa mas marami pang mamumuhunan sa pamamagitan ng pagsisilbi ng gobyerno bilang tag-endorso ng mga aktibidad na magbibigay-daan upang ang mga negosyong nangangailangan sa malaking kapital ay mapasimulan sa bansa. Kabilang sa mga negosyong ito ang mga kalakal na may kinalaman sa paggawa ng mga bakal, abono, at maging sa turismo. IIan pa sa makasaysayang kontribusyon ni Pangulong Macapagal ang pagtatag ng *Philippine Veteran's Bank*, ang paglilipat ng paggunita ng ating araw ng kasarinlan mula ika-4 ng Hulyo sa ika-12 ng Hunyo.

Sa termino ni Macapagal, pinalakas ang aksyon ng bansa sa *international tribunal* kaugnay sa karapatan na muling mapasakamay sa Pilipinas ang North Borneo o kilala na ngayon bilang Sabah.

## PAMAMAHALA NI PANGULONG FERDINAND E. MARCOS

### Ang Unang Termino ng Pamahalaang Marcos (1965-1969)



Si Ferdinand Edralin Marcos ay ang ika-10 Pangulo ng Republika ng Pilipinas mula 30 ng Disyembre 1965 hanggang 21 ng Setyembre 1972. Siya ay isinilang noong Setyembre 11, 1917 sa Sarrat, Ilocos Norte. Si Marcos ay nag-aral ng abogasiya noong mga huling taon ng 1930 sa Unibersidad ng Maynila. Siya ay nagsilbing kasapi ng Kapulungan ng mga kinatawan ng Pilipinas mula 1949 hanggang 1959 at kasapi ng Senado ng Pilipinas mula 1959 hanggang 1965 bago naging pangulo ng Pilipinas noong 1965 para sa apat na taong termino.

Si Pangulong Marcos ay may pinakamahabang termino sa pagkapangulo ng ating bansa. Umabot siya ng 20 taon sa panunungkulan. dalawang magkasunod na termino ang kanyang paglilingkod. Sa parehong pagkakataon, siya ay inihalal ng taong bayan.

Sa kanyang unang termino, sinikap ni Pangulong Marcos na mapabuti ang pananalapi ng bansa sa pamamagitan ng pag-iibayaong pangongolekta ng buwis at pangungutang sa iba't ibang dayuhang institusyon ng pananalapi. Narito ang kanyang mga nagawa sa unang apat na taon ng kanyang panunungkulan:

1. Nagpapatupad ng mga programa sa malawakang pagpapagawa ng mga imprastraktura gaya ng mga kalsada, tulay, patubig, paaralan, LRT, at iba pa. Ito ang naging dahilan kung bakit siya tinatawag na "Infrastructure Man".

2. Paghihigpit sa illegal na pagpasok ng mga produktong dayuhan.
3. Pagtulong sa mga magsasaka upang maparami ang ani ng bigas.
4. Pagbibigay ng pahintulot sa mga Pilipino na magtungo sa China.
5. Pagpigil sa kaharasan
6. Pagpapalaganap ng maayos na serbisyo pangkalusugan sa mga pook Rural.
7. Pagpupulong Internasyunal sa Maynila noong Oktubre 24-26,1966 na naglalayong mapalakas ang ugnayan sa Pilipinas sa mga dayuhang Kumunistang bansa sa rehiyon.Dinaluhan ito ng bansang Amerika, Australia, New Zealand, Timog Korea, Thailand at Vietnam.
8. Pagpapadala ng mga dalubhasang inhenyero, doktor, at mga sundalo sa bansang Vietnam upang tulungan ang mga biktima ng digmaan at suportahan ang Estados Unidos (Amerika). Binansagan ang grupong ito ng *PHILCAG (Philippine Civic Action Group).*

**Ang Ikalawang Termino ni Pangulong Marcos (1969-1972**)

Noong 1969, sa gitna ng malawakang pagbatikos na ginamit niya ang makinarya ng pamahalaan sa kanyang kampanya, muling nanalo si Pangulong Marcos bilang pangulo at si Fernando Lopez, bilang pangalawang pangulo ng Pilipinas. Naging kauna-unahang pangulo na naihalal muli sa tungkulin sa pangalawang termino sa Pangulong Marcos.

Taliwas sa mga magagandang nagawa ni Marcos sa kanyang unang termino, sa ikalawa niyang termino ay lumubha ang malalaking suliraning pambansa: Isa-isahin natin ang mga makasaysayang pangyayaring naganap sa panahong ito.

**1. Pagsilang ng Aktibismo**

Dahilan sa malawakang pagsasamantala ng ilang pulitiko naging isang malaking puwersa ang mga mag-aaral. Naging laman sila ng mga lansangan at doon ipinarinig ang kanilang puna at batikos sa maraming bagay gaya ng: patuloy na lumalaganap na katiwalian sa pamahalaan; paglabag sa karapatang pantao; pagtaas ng *tuition fee*; militarisasyon at pang-aabuso ng mga military; ang pananatili ng base militar ng Estados Unidos; at mga maling patakaran ng pamahalaan. Tulad ng maraming Pilipino, hiniling ng mga mag-aaral na magkaroon ng saligang-batas na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga Pilipino at naaayon sa panahon. Sa simula, ang mga rally at demonstrasyon ay naging tahimik subalit di nagtagal ang mga ito maging marahas at magulo at nahaluan ng ideolohiya ng kumunismo. Nang lumaon naging madugo ang labanan sa pagitan ng mga estudyante at alagad ng batas at militar. Ang pinakamadugong labanan ay naganap noong Enero 30, 1970, nang pilitin ng mga mag-aaral na pasukin

ang Malakanyang. Anim na mag-aaral ang napatay at di mabilang ang sugatan. Ang pangyayaring ito ang tinawag na Labanan sa Mendiola. Naging sunud-sunod ang mga welga at demonstrasyon na isinagawa ng mga mag-aaral at manggagawa, bunsod ng lumalalang krisis pangkabuhayan at diskuntento ng mamamayan. Ang panahong ito ang kinilala sa kasaysayan na *First Quarter Storm.*

**2. Suliranin sa Pambansang Kapayapaan at Kaayusan**

Lumaganap din ang krimen sa bansa. Dumami ang walang lisensyang mga baril. Naglitawan ang mga private armies ng mga pulitiko.Tumaas din ang bilang ng mga mamamayang naghihirap. Samantala ang mga Marcos cronies (kamag-anak, kaibigan at kapartido) ay gumamit ng kapangyarihan at karahasan upang maisulong ang kani-kanilang pansariling interes at kapakanan.

**3. Impluwensya ng Komunista**

Dahilan sa lumalalang sitwasyon ng mga mahihirap, ang mga halos nalupig na Huk sa panahon ni Pangulong Magsaysay ay muling bumangon at nagtatag ng *Communist Party of the Philippines (CPP*) or Partido Komunista ng Pilipinas. Nabuo ang komunistang gerilya - ang *New People's Army (NPA)-* sa pamumuno ni Jose Maria Sison. Maraming nahikayat na lumahok dito kabilang na ang mga matatalinong estudyante, magsasaka, manggagawa at maging mga propesyonal at intelektual. Malawakan ang mga demonstrasyon na isinagawa ng mga kabataan. Sa kanilang pagmamartsa, sila ay may dalang pulang bandila at sumisigaw ng mga katagang laban sa pamahalaan habang nakataas at nakatikom ang kanilang mga kamao. Kalimitang natatapos sa karahasan ang mga demonstrasyong ito.

**4. Pagsilang ng MNLF**

Ang MNLF o ang *Moro National Liberation Front*, ay naitatag noong kalagitnaan ng 1970 ni Nur Misuari, isang Muslim at dating mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas. Sa mahabang panahon, nagtanim ng hinanakit ang mga Muslim sa pamahalaan dahil inakala nilang sila ay pinabayaan na. Kaya't ang naging pangunahing layunin ni Misuari ay humiwalay ang Mindanao sa Pilipinas at maitatag ang isang nagsasariling rehiyon na tatawaging *Bangsamoro Republic*. Maraming taon ding nagtagal ang madugong labanan sa Mindanao sa pagitan ng MNLF at Sandatahang Lakas ng Pilipinas o *Armed Forces of the Philippines (AFP).* Sa pagnanais na wakasan ang umiiral na tunggalian sa pagitan ng mga Muslim, humingi ng tulong si Pangulong Marcos sa iba pang bansang Muslim. Isang kasunduan na may layuning wakasan ang alitan sa pagitan ng pamahalaan at MNLF ang isinagawa noong Disyembre 26,1976 sa Tripoli, Libya. Ito ay tinawag na *Tripolis Agreement*. Naipatupad ang tigil-putukan o *ceasefire* noong Enero 20, 1977.

**5. Mga Pambobomba sa Kalakhang Maynila.**

Sa gitna ng paghahanda para sa halalang lokal ng mga senador at pinuno ng mga bayan at lalawigan noong 1971, naganap ang marahas at madugong pambobomba sa Kalakhang Maynila. Noong Agosto 21, 1971, ang Partido Liberal, mga oposisyon na pinamumunuan ni Senador Gerardo Roxas, ay nagsagawa ng proklamasyon sa Plaza Miranda sa Quiapo, Maynila. Ang proklamasyong ito ay dinaluhan ng halos lahat ng mataas na pinuno ng partido maliban kay Benigno Aquino Jr. Ang araw na ito ay naging mahalaga para sa kasaysayan ng bansa dahilan sa dalawang granada ang ibinato sa entablado na naging dahilan ng pagkamatay ng walong katao at pagiging sugatan ng iba pang dumalo sa proklamasyon. Hindi rito nagwakas ang pambobomba, sinundan pa ito ng pagbomba sa Joe's Department Store sa Avenida Rizal, Maynila at sa Cultural Center of the Philippines. Sinasabing ang grupong *Light a Fire Movement* nina Ed Olaguer at Steve Psinakis ang responsable sa mga pambobombang naganap. Dahil sa nangyari sa Plaza Miranda, sinuspinde ni Pangulong Marcos ang pribilehiyo ng *Writ of Habeas Corpus* sa bisa ng Proklamasyon Blg. 889. Ang pribilehiyong ito ang nagbibigay ng karapatan sa isang taong nadakip at ikinulong na itanong sa hukuman kung makatwiran o ayon sa batas ang ginawang pagdakip at pagkulong sa kanya. Sinuspinde ang pribilehiyong ito upang madaling madakip ang mga pinaghihinalaang kasangkot sa pambobola at upang mabawasan at matigil ang karahasan na lumalaganap sa bansa.



# Suriin

Panuto: Sagutin ang mga katanungan. Gawin ito sa iyong *activity notebook.*

1. Bakit pinalitan at ideniklara ni Diosdado Macapagal ang Araw ng Kalayaan sa Hunyo 12 mula Hulyo 4?

   ________________________________________________.

2. Sa iyong palagay, tama ba ng ginawa ng pangulo na isama sa kanyang *SONA o State of the Nation Address* ang tinatawag na *Minimum Wage Law* o pagrerekomenda na pataasin ang sahod ng mga manggagawa?

   ________________________________________________.

3. Ano ang kahalagahan ng pagtatag sa Land reform Law o Republic Act No. 3844 sa ating bansa?

   ________________________________________________.

4. Matapos magretiro bilang Pangulo ng Pilipinas si Pangulong Diosdado Macapagal sa pulitika, ano naman ang kanyang pinagsilbihan sa ating bansa ?

   ________________________________________________.

5. Ano-ano ang naging epekto ng mga programa ni Diosdado Macapagal sa buhay ng mga Pilipino?

_______________________________________________________________________.

6. Bakit tinawag na *"Infrastructure Man"* si Pangulong Ferdinand E. Marcos?

_______________________________________________________________________.

7. Paano napabuti ni Pangulong Marcos ang kalagayan ng pananalapi sa ating bansa?

_______________________________________________________________________ .

8. Para sa iyo, makatarungan ba ang programa ni Marcos sa paghihigpit na pagpasok ng mga ilegal na produkto mula sa ibang bansa? Bakit?

_______________________________________________________________________ .

9. Paano mo mailalarawan ang mga pangyayari sa una at ikalawang termino ni Pangulong Marcos?

_______________________________________________________________________ .

10. Taliwas sa mga nagawang kabutihan ni Pangulong Marcos mula sa unang termino, bakit lumubha ang suliranin at hamon ng bansa sa kanyang ikalawang termino?

_______________________________________________________________________ .



# Pagyamanin

**Gawain I**

Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat ito sa *activity notebook.*

| | |
|---|---|
| 1965-1969 | *Republic Act 2844* |
| Pangulong Ferdinand E. Marcos | Pangulong Diosdado Macapagal |
| August 4,1964 | Republic Act 4180 |
| *Moro National Liberation Front(MNLF)* | 1969-1972 |
| *Writ of Habeas Corpus* | Suliranin sa Pambansang Kapayapaan at Kaayusan |

________1. Pangulo ng Pilipinas na tinaguriang *"Infrastructure Man"*

________2. Ang batas na nagbibigay ng oportunidad na magkaroon ng sariling lupang sakahan ang mga maliit na magsasaka sa bansa.

________3. Taon ng unang termino ni Pangulong Ferdinand E. Marcos.

________4. Siya ang tinaguriang "Tao ng Masa". Binuksan din niya ang Malacanang sa mga tao Tinawag itong Common's Man's day" kung saan nagkakaroon ng lingguhang Pagtitipon.

________5. Taon ng pangalawang termino ni Pangulong Ferdinand E. Marcos.

________6. Petsa na kung saan opisyal na pinirmahan ni Pangulong Macapagal ang *Republic Act 4166* na nagsasabi na ang Araw ng Kalayaan ng ating bansa ay ipinagdiriwang tuwing Hunyo 12.

________7. Ang prebilihiyong ito ang nagbibigay ng karapatan sa isang tao na nadakip at ikinulong na itanong sa hukuman kung makatwiran o ayon sa batas ang pagdakip at pagkulong sa kanya.

________8. Ang batas na naglalayong pataasin ang sahod mula apat na piso hanggang anim na piso para sa mga manggagawa.

________9. Samahan o grupo na naitatag ni Nur Misuari sa Pambansang kapayapaan at kaayusan ng taong 1970.

________10. Isa sa mga suliranin na lumalaganap sa panunungkulan ni Pangulong Marcos nakung saan dumami ang walang lisensyang mga baril at talamak ang krimen sa bansa.

**Gawain II**. Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

_________ 1. Binuksan ni dating Pangulo Diosdado Macapagal ang Malacanang sa mga tao at tinawag itong " Common's Man's Day "

_________ 2. Si Macapagal ay ipinanganak noong Pebrero 28,2010 sa san Nicolas, Lubao, Pampanga.

_________ 3. Itinatag ng Pangulong Macapagal ang Land Reform Law na pinapayagang bilhin ang mga pribadong lupaing pansaka upang hati-hatiin at ibahagi sa mga lupain sa mga walang lupain.

_________ 4. Noong Mayo 12, 1962, pinalitan ni Diosdado Macapagal ang Araw ng Kalayaan mula Hulyo 4 ay ginawa niya itong Hunyo 12.

_________ 5. Upang pasiglahin ang ekonomiya, ibinukas ng kanyang administrasyon ang Malacanang upang sa lingguhang pagtitipon.

_________ 6. Bumagsak ang ekonomiya ng Pilipinas sa unang termino ng panunungkulan ni Pangulong Marcos.

_________7. Sinikap ni Pangulong Marcos na mapabuti ang pananalapi ng bansa sa pamamagitan ng pinag-iibayong pangongolekta ng buwis at pangungutang sa iba't-ibang dayuhang institusyon ng pananalapi.

_________8. Taliwas sa mga magagandang nagawa ni Pangulong Marcos sa kanyang unang termino, lumubha ang suliranin sa ekonomiya ng bansa sa kanyang pangalawang termino.

_________9. Umabot sa tatlumpu't taon sa puwesto si Pangulong Marcos.

_________10. Si Ferdinand E. Marcos ang kauna-unahang pangulo ng bansa na may pinaka mahabang panahon sa pagka-pangulo.



# Isaisip

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pangugusap. Gawin ito sa iyong *activity notebook*.

Ang mga dagdag na kaalaman ko sa araling ito:

1. Si Diosdado Macapagal ay ang ika-___ na presidente ng Pilipinas at ika- limang presidente sa sa pangatlong Republika.
2. Binuksan ni Macapagal ang Malacanang sa mga tao at tinawag itong _______kung saan nagkakaroon ng lingguhang pagtitipon.
3. Itinatag ni dating Pangulong Diosdado Macapagal ang kauna-unahang __________ na pinapayagang bilhin ang mga pribadong lupaing pansakahan upang hati-hatiin at ibahagi sa mga walang lupa.
4. Noong Mayo 12, 1962, pinalitan ni Diosdado Macapagal ang araw ng kalayaan mula Hulyo 4 ay ginawa niya itong ________.
5. Sa ikaapat na SONA ng Presidente Macapagal noong Enero 25, 1965 binanggit niya rito ang _____________ ng mga nagtatrabaho na nagkakahalaga ng apat na piso at gawin itong anim na piso bilang kanilang sahod.
6. Si Pangulong Ferdinand E. Marcos ay may pinakamahabang termino sa pagkapangulo sa kasaysayan ng bansa. Umabot siya ng_______ taon sa panunungkulan.
7. Nagpapatupad ng mga programang pang-imprastraktura gaya ng mga ________, ________, _________, ___________, ___________, at iba pa.
8. Isa sa mga programa ni Marcos ay ang pagtulong sa mga __________ upang maparami ang ani ng bigas.
9. Ipinalaganap din ni Pangulong Marcos ang maayos na serbisyong _________ sa mga pook rural.

10. Sa kanyang panunungkulan nagkaroon ng pagpupulong Internasyunal sa Maynila noong ____________________ na naglalayong mapalakas ang ugnayan sa Pilipinas sa mga dayuhang Komunistang bansa.



# Gawain

Panuto: Ibigay ang mga naging programa ni Pangulong Diosdado Macapagal at Ferdinand E. Marcos sa panahon ng kanilang panunungkulan. Isulat ang sagot sa *activity notebook.*

| Pangulo | Mga Programang Ipinatupad |
|---|---|
| Diosdado Macapagal | |
| Ferdinand E. Marcos | |



# Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong *activity notebook.*

1. Dahil sa pagbaba ng halaga ng piso, ang mga dayuhan ay nakakabili at nakakakontrol ng mga negosyo dahil sa tinatawag na _____.
   A. Exchange Rate
   B. Pautang
   C. Paluwagan
   D. Loan
2. Sino ang naging *Justice Secretary* noong administrasyon ni Diosdado Macapagal?
   A. Stonehill
   B. Jose W. Diokno
   C. William Diokno
   D. Diokno Diaz
3. Kailan ipinanganak si Pangulong Diosdado Macapagal?
   A. Setyembre 28,1910
   B. Setyembre 24,1920
   C. Setyembre 28, 2010
   D. Setyembre 29,1910
4. Sino ang presidente na nanungkulan pagkatapos ng administrasyong Macapagal?
   A. Carlos P. Garcia
   B. Ramon Magsaysay
   C. Jose P. Laurel
   D. Ferdinand E. Marcos
5. Ano ang tawag sa lingguhang pagtitipon na binuksan ng Malacanang para sa mga tao?
   A. Common Man's Day
   B. People's Day
   C. Friendship Day
   D. Rich People's Day


6. Ang dahilan kung bakit tinaguriang *Infrastructure Man* si Pangulong Marcos.
    A. Ipinatupad ang paghihigpit laban sa ilegal na pagpapapasok sa Pilipinas ng mga produktong dayuhan.
    B. Pagpapatupad ng malawakang programa sa pagpapagawa ng mga kalye, tulay, patubig, paaralan, at iba pa.
    C. Pinagtibay ang programang pangkalusugan.
    D. Pagsupil at pagpigil sa karahasan.
7. Ang kauna-unahang pangulo na muling naihalal sa panguluhan.
    A. Carlos P. Garcia
    B. Diosdado Macapagal
    C. Ferdinand E. Marcos
    D. Ramon Magsaysay
8. Ang lahat ay dahilan ng kabataang aktibismo sa panahon ni Pangulong Marcos, **MALIBAN** sa isa:
    A. Pagsasamantala ng ilang mga pulitiko at pinuno ng bayan.
    B. Pagtaas ng halaga ng bilihin.
    C. Malawakang pagtaas ng mga matrikula sa mga paaralan.
    D. Pagpapadala ng mga Pilipino sa Vietnam.
9. Ang pangunahing layunin ng *Moro National Liberation Front (MNLF):*
    A. Ihiwalay ang Mindanao sa kabuuan ng Pilipinas.
    B. Isulong ang mga adhikain ng Komunismo.
    C. Pabagsakin ang pamahalaang Marcos.
    D. Maghasik ng terorismo sa Luzon.
10. Ang panahon sa administrasyon ni Marcos na inilalarawan na panahon ng krisis pangkabuhayan at malawakang diskontento ng mga mamamayan.
    A. *First Quarter Storm*
    B. panahon ng distabilisasyon
    C. EDSA Revolution
    D. panahon ng krisis



## Karagdagang Gawain

Panuto: Gamit ang *Venn diagram*, paghambingin at isulat ang mga patakaran at programang magkapareho at hindi magkaparehong ipinatupad ng bawat panguluhan.

Gawin ito sa *activity notebook.*




## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

Mga programa sa panahon ni Pangulong Carlos P. Garcia

1. Paglunsad ng Pilipino Muna
2. Nilabanan ang mga Komunismo sa bias ng Republic Act 1700
3. Pinaiksi ang renta ng mga base military sa bansa ng hanggang 25 taon
4. Ipinagbawal ang pagsapi sa Rebulosyonaryo

**Suriin**

Answers may vary

**Isaisip**

1. siyam (9)
2. Common's Man's Day
3. Land Reform Law
4. Hunyo 12
5. Minimum Wage Law
6. 20 taon
7. kalsada, tulay, patubig, paaralan at LRT
8. magsasaka
9. pangkalusugan
10. Oktubre 24-26, 1966

**Pagyamanin**

**Gawain I**

1.Ferdinand E.Marcos
2. R.A 3844
3. 1965-1969
4.Pang. Diosdado Macapagal
5. 1969-1972
6.Agosto 4, 1964
7.Writ of Habeas Corpus
8.R.A 4180
9.MNLF
10.Suliranin sa Pambansang Kaayusan at Kapayapaan

**Gawain II**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8.Tama
9.Mali
10. Tama

**Tayahin**

1. A
2. B
3. A
4. D
5. A
6. B
7. C
8. C
9. D
10. A

***Sanggunian***


Macapagal, Diosdado P., New Hope for the Common Man: Speeches and Statements of Diosdado Macapagal, Volume 1-2, Malacañang Press Office 1965

Macapagal, Diosdado P., A Stone for the Edifice: Memoirs of the President Diosdado Macapagal, University of California, Mac Publishing House 1968

Paluay, Alvenia P. Makabayan: Kasaysayang Pilipino, Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika 5, G. Araneta Avenue, Quezon City; LG & M Corporation 2010.

EASE Modyul 16: Mga Pagbabago sa Iba't-ibang Pamamahala. Copyright DepEd Central Office 2010.

Wikipedia. Ferdinand E. Marcos. Retrieved from https://en.wikipedia.org/wiki/Ferdinand_E._Marcos

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men and ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people abound,
Every valley and dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.